**Presidential Communications Operations Office**
**News and Information Bureau**

**MINDAVOTE LIVE WITH PRESIDENTIAL SPOKESPERSON HARRY ROQUE**
**BY CARLOS MUNDA, VIA FACEBOOK LIVE**
**MARCH 16, 2018**

**Q:** Magandang umaga po sa inyong lahat. Ito po si Carlos Munda. Nandito ako ngayon sa Pinnacle Hotel sa Davao City. Sa lahat ng mga taga-Davao na nanonood, magandang Araw ng Davao po sa inyo.

Surprise po tayo ngayon, kasi ang i-interview-hin po natin ay ang ating paborito… paboritong Spokesperson. Anyway, kung mayroon kayong question para kay Harry Roque, ngayon na, pagkakataon natin ‘to.

Good morning. I-interview-hin natin ngayon si Spokesperson Harry Roque. Unsay issue, sir? Gusto ko siyang tanungin kung kamusta na ba relationship niya sa mga DDS, pagkatapos noong medyo sabihin na natin na hindi nakakatuwang umpisa ng samahan ni Spokesperson Harry Roque at saka mga DDS followers, gusto kong malaman.

‘Yan, kasama natin si Spokesperson Harry Roque…

**SEC. ROQUE:** Ito po ang aking panimulang pagbati sa mga DDS. At saka Happy Davao Day, Araw ng Davao.

**Q:** Tanong mo sir kung tatakbo siya ng senador, pinakaunang tanong.

**SEC. ROQUE:** [Laughs] Ah, tanong na ba iyon? Sinabi po ni Presidente, susuportahan tayo para sa Senado. Nagpasalamat naman po tayo kay Presidente ‘no. Pero ang talagang problema po diyan, riyalidad… eh awan ti kuwarta ‘no. It costs 500 million at least to run for a Senate seat. Ako naman po, I have no illusions. I know I was born a normal person; I know that possibly I would need more time kung gusto kong mag-raise ng ganiyan. Eh mayroon naman pong ibang mga pagkakataon pa. Pero it’s 12 months from now—or 14 months from now, naku hindi ko po alam kung saan kukunin ‘yang 500 million na ‘yan.

**Q:** Puwede akong magtanong Spox?

**SEC. ROQUE:** Opo.

**Q:** Okay. Actually iko-connect ko lang doon ‘no. Sa 500 million na ‘yan na sinasabi ninyo, saan ba ibibigay ang 500 million na ‘yan? Bakit 500 million ang sinasabi ninyong kailangan para tumakbo bilang senador?

**SEC. ROQUE:** Eh alam ninyo po ngayon ang pagiging senador eh para kang commodity na binibenta sa merkado eh. Ang number one gastos po ngayon ay TV ads.

**Q:** TV ads iyon?

**SEC. ROQUE:** At talaga pong mayroong correlation, may kinalaman po iyong numero ng TV ads mo doon sa tsansa mo na manalo ‘no, established na po ‘yan. Kasi sa batas naman natin, hindi ka pupuwedeng manatili sa iyong katungkulan 6 months before election ‘no – and 6 months is equivalent to a lifetime in politics ‘no. So kapag ika’y hindi gumastos para sa TV ads, makakalimutan ka nang tuluyan. Pagdating naman sa balita, mayroon ding limitation kung ilang minuto o ilang segundo ka lamang na

pupuwedeng ma-cover ng media at hindi pupuwedeng mag-exceed ‘no. So wala kang choice kung hindi bumili ng oras by way of advertisement.

So ito iyong kahinaan ng sistema natin ngayon, unang-una, hindi dapat na hinahayaan ang mga kandidato na gumastos doon sa eleksiyon, kasi ibig sabihin niyan iyong mga mayayaman lang talaga ang pupuwedeng tumakbo o ‘di naman kaya iyong mga suportado ng mga namumuhunan sa pulitika ‘no.

Pangalawa, eh dapat ang obligasyon niyan ay obligasyon ng lahat ‘no, na sagutin iyong mga dapat sagutin para makakuha noong pinakamagaling mamumuno sa ating bayan. Pero sa ngayon po, ‘yan po ang katotohanan.

Am I disappointed? Of course, I am. Do I want to run? Yes, I do. But the reality is 14 months from now, you need 500 million – that’s minimum.

**Q:** May tanong lang po, regarding human rights. Sa palagay ninyo po ba, kinakailangan na po nating lawakan ang ating pagtingin o konsepto ng human rights?

**SEC. ROQUE:** Well sa Pilipinas po kasi dahil doon sa martial law noong Marcos era, ang akala nila sa human rights, political rights lamang – iyong karapatan na magkaroon ng paninindigan, karapatan ng malayang pananalita at karapatan na hindi hulihin o hindi parusahan dahil sa iyong paniniwala ‘no. Pero ang human rights po eh, talaga naman pong mas malawak kaysa sa political rights lamang.

At ngayon nga po ‘no, ang katotohanan niyan mas importante iyong tinatawag nating economic-social-cultural rights. Anim po ‘yan ‘no – karapatan ng edukasyon, karapatan na mabuhay, karapatan ng kalusugan, karapatan magkaroon ng pagkain; lahat po ‘yan eh equally important rights.

At ang tingin kong pagkakamali ng marami, iyong iniisip nila na walang pakialam ang Pangulo sa human rights. Hindi po totoo ‘yan, dahil kung titingnan ninyo ang kaniyang plataporma de gobyerno ‘no, eh lahat po ng binibigay niya ngayon, wala pang dalawang taon ang nakakalipas ay pagpapatupad sa karapatang pantao. Siya po ang kauna-unahang Presidente na nagbigay ng libreng tuition sa state universities and colleges. At sa mga pribadong eskuwelahan po, kung ika’y mahirap, mayroon pang educational subsidy equivalent to P60,000 a year; P30,000 per semester – ‘yan po ay karapatan ng edukasyon at karapatan ng kabataan ‘no na tinataguyod ‘no.

Siya po ang kauna-unahang nagbigay ng libreng irigasyon sa mga magsasaka – ‘yan po ay karapatang magkaroon ng hanap-buhay ng magsasaka at karapatan na magkaroon ng pagkain ng sambayanan ‘no. Wala na hong ibang presidenteng nagbigay ng ganiyang libreng patubig ‘no.

Magkakaroon na po tayo ng libreng pagamot, na alam ko matagal nang nandito sa Davao ‘no sa pamamagitan ng Universal Healthcare ‘no; pero wala pong ibang presidente na nag-isip ng ganiyan. Akala nila sapat na iyong PhilHealth, eh iyong PhilHealth nagbibigay lang po ‘yan ng mga benepisyo kung matindi na iyong pagkakasakit at sa every P100 na ginagastos mo ‘no, eh beinte pesos lang ang binabayaran ng PhilHealth ‘no; iyong singkuwenta pesos, taumbayan pa rin. Kung ika’y walang pera, mamamatay ka na lang. Kaya nga po nakakalungkot, 67% ng Pilipino namamatay, hindi nakakakita ng doktor. Eh si Presidente po ang kauna-unahan na nagsabi, magbibigay siya ng Universal Healthcare, gagawin niyang libre ‘yan; kung kinakailangang gastusin ang kaban ng bayan, gagastusin niya ‘no.

So, bakit po hindi natin kinikilala si Presidente na tagapagtaguyod ng karapatang pantao? Eh kasi nga po, hindi naman niya sinusupil iyong mga tao na dahil sa kanilang mga paniniwala, dapat iyon binibigyan din siya ng puri diyan ‘no. Pero ang iniisip talaga ng tao palagi, eh iyong mga karapatan na ‘diumano ay sinusupil doon sa mga panahon gaya ng martial law. At ngayon nga ang palagi nilang pinupula, eh iyong karapatan ‘diumanong mabuhay ng mga namamatay dito sa drug war.

Pero hindi naman nila naintindihan, iyong Presidente dating piskal. Kung tatanungin mo siya, iyong achievement niya is iyong tatlong death penalty na nakuha niya for murder. So kung ikaw ay piskal, you're a natural advocate for human rights. Bakit po ba nililitis ang tao for murder? Bakit mo sila ipakukulong for murder? Dahil lumabag sila doon sa pinakaimportanteng karapatan ng tao – iyong karapatang mabuhay.

So hindi lang aktibista si Presidente in the traditional sense of the word, pero iyong kaniyang paninindigan bilang isang naninilbihan sa gobyerno, iyong nagbibigay ng mga benepisyo dito sa siyudad ng Davao na gusto niyang ibigay ngayon sa buong Pilipinas, at iyong mga naging trabaho niya bilang isang piskal, 'yan po'y actual human rights work. Hindi nga lang po in the traditional sense of the word.

**Q:** Follow up, sir. Sabi kasi sir ng kabilang partido ay, iyong mga pronouncement mo daw ngayon ay in preparation of 2019. Ano po iyong reaction ninyo?

**SEC. ROQUE:** Well unang-una, hindi ko nga alam kung anong mangyayari sa akin sa 2019. Sa katunayan 'no, kung titingnan mo iyong talambuhay ko 'no – aktibista ako, propesor, abogado… Unang-una, hindi ko naman akalain biglang mananalo ako eleksiyon 'no para congressman, furthest to my mind 'no. Hindi ko rin akalain na it will be such a resounding victory dahil wala rin akong pera 'no, but I landed number 6 sa out of 115 partylist 'no.

Hindi ko naman akalain biglang mapupunta ako sa Malacañang, furthest from my dreams 'no. Talagang it was not an option, nagulat na nga ako noong nakatanggap na lang ako ng tawag galing kay Bong Go 'no na nagsasabi, "Oy mayroong mensahe ang Presidente." Hindi nga ako makapaniwala, hanggang narinig ko sa bibig mismo ng Presidente no. Siyempre hindi natin alam kung ano mangyayari sa 2019.

Pero ako po ganito lang… unang-una, naniniwala po ako iyong aking katungkulan ngayon na Tagapagsalita, eh mayroon din akong tinataguyod na karapatan – iyong karapatan ng taumbayan makakalap ng impormasyon na nagkakaroon ng kinalaman sa kanilang pang-araw-araw ng buhay. Kaya nga po, ginagawa ko naman ang aking kayang gawin para mabigyan ng katuparan iyong karapatan na ito.

Number two, eh iyon nga po… pinapadala natin iyong totoong mensahe ng Presidente. Dahil unfortunately, marami po talagang hindi makatanggap na pinili na ng taumbayan ang Presidente at kinakailangan mag-antay na hanggang sa susunod na eleksiyon 'no bago isipin na palitan ang ating Presidente.

**Q:** Spox tanong ko lang. Hindi maganda ang pasok ninyo bilang Spokesperson lalong-lalo na sa mga DDS, isa po ako doon sa mga, sabihin na nating may binitawang mga maaanghang na mga mura papunta sa inyo 'no. Paano kami magtitiwala sa inyo ngayon? Dapat ba kaming magtiwala sa inyo ngayon na kayo na rin mismo ang nagsabi noong una na you did not consider yourself na kaparte ng DDS; may mga sinabi kayong tuturuan ninyo si Mocha ng ganito… Ano ang—may nagbago ba? Can we trust you? Kasama ba namin kayo o nagpapanggap lang kayo?

**SEC. ROQUE:** Well alam mo noong napulaan ako noong simula ng aking paninilbihan 'no, masakit, oo. Pero na-alarm ba ako? Sabi ko hindi, kasi alam ko naman ang gagawin ko sa katungkulan na ito eh. Alam ko naman na habang lumilipas ang panahon at nakikita nila kung paano ko gagampanan ang aking katungkulan, eh makikita nila na layunin lang natin na bigyang respeto iyong mandatong binigay sa ating Presidente para mamuno sa ating bayan. 'Yan po ang kauna-unahang dahilan kung bakit naman ako tumanggap ng posisyon sa administrasyon, because I want to honor the Filipinos who gave him a mandate to lead – and this mandate was overwhelming 'no.

So hindi ko na po sasagutin ba't ako magtitiwala – you see what you get. Tingin ko naman po sa almost 6 months na na aking panunungkulan 'no at napakabilis ng panahon, parang kailan lang ako nagsimula, ngayon mag-a-anim na buwan na. Nakita ninyo naman unang-una 'no na hindi lang po ako

Tagapagsalita, ako po'y tagapag-depensa ng Presidente unang-una. Pangalawa, ginagawa po ko po ang lahat para maintindihan ng taumbayan kung ano iyong tunay na mensahe ng Presidente, hindi lang iyong usual slogan na mas komportable ang buhay, krusada laban sa korapsyon, krusada laban sa droga 'no, nilalagay ko sa konteksto na ang Presidente, walang ginagawa 'yan na sa labas ng legal framework 'no.

At iyon nga po ang importanteng clarification na iparating sa lahat, ay hindi po kalaban ang Presidente ng karapatang pantao, dahil iyong lahat ng ginagawa niya sa gobyerno, lalong-lalo na iyong krusada laban sa droga ay para ipatupad nga ang karapatang mabuhay ng ating mga kabataan.

Hindi po ako nangangako, I'm not the type to promise. But I think from the 5 months that I have served the President and this nation, kayo na pong maghusga kung tama ba si Presidente o hindi. I leave that judgment to you.

**Q:** Sir question po, regarding sa Boracay. Kahapon kasi sir lumabas iyong recommendation noong government panel na closure ng—one year closure ng Boracay. So ito ba sir ay pinal na desisyon or—kasi sabi nila, 30 days after the President declares state of calamity sa Boracay, iyon na daw iyong time na i-ano nila iyong isang taon na pag-close ng Boracay.

**SEC. ROQUE:** Ang sabi po ng Presidente, tatanggapin niya ang rekomendasyon pero siya ang magdedesisyon. Ang huli kong narinig sa kaniya, eh pagbibigyan niya iyong mga maliliit na resort owners. Dahil alam niya na kapag sinarado ang Boracay, ang masasaktan iyong mga maliliit, hindi naman iyong mga malalaki. So 'antayin natin kung ano talaga ang magiging rekomendasyon; narinig ko rin 'yan na magrerekomenda sila ng pagsasara sa Boracay. Pero sa akin, narinig ko rin iyong sinabi ni Presidente na importante ring isipin iyong kapakanan noong mga maliliit na mga nagnenegosyo diyan sa Boracay.

So tingin ko, sa pagkakakilala ko naman kay Presidente, he will be fair and above all else I think hindi siya gagalaw on the basis of political considerations, gagalaw siya dahil doon sa kaniyang tunay na concern na kinakailangang pangalagaan iyong kagandahan ng Boracay para mapakinabangan ng mga darating pang mga henerasyon.

**Q:** Sir, follow up doon. Kapag natapos iyong investigation sir, mapatunayan iyong mga may sala, ano iyong mga gagawing hakbang ng gobyerno? Like of course, magkakaroon ba ng lifestyle-check sa mga local saka provincial officials?

**SEC. ROQUE:** Hindi lang po lifestyle check 'yan. Ang utos ng Presidente kasuhan ang mga lokal na opisyales ng lokal na pamahalaan dahil hindi naman dapat nagkaroon ng paglabag sa ating mga batas kung hindi pinayagan ng mga lokal na opisyales. Nag-order na siya na kaya nga involved ang DILG rito, hindi lang ang DENR at saka ang DOT, ay dahil nais niyang mapanagot ang mga lokal na opisyales.

At ang mensahe ni Presidente, hindi ito para lang sa mga lokal na opisyales ng Boracay kundi sa lahat ng mga naging pabaya sa kanilang katungkulan – lalong-lalo na doon sa katungkulang pangalagaan ang kalikasan.

**Q:** May mga next island destination and other tourist destination?

**SEC. ROQUE:** Tingin ko sinampolan na ng Presidente and Boracay. Tingin ko lahat ng mga ginagawa doon sa Boracay is equally applicable doon sa mga ibang tourist destination. Hindi para sa henerasyon lang ito, iyong kagandahan nitong mga isla natin, kinakailangang pangalagaan para sa susunod na mga henerasyon.

**Q:** Spox, tanong ko lang, medyo lilihis ako ng kaunti kaugnay sa ICC, because it's a big issue right now. Nagsabi ang gobyerno, nagsabi si Presidente na aalis tayo sa ICC. Merong bumabatikos, karamihan sa

mga bumabatikos mga kasama n'yo rin dati. Sinasabi nila na nagpapalusot lang si Presidente Duterte at ayaw niyang ma-convict o ayaw niyang malitis dito sa ICC. Ano ba! Tama ba iyong pag-alis natin, bakit tayo aalis! Ano ang legal opinion diyan?

**SEC. ROQUE:** Alam n'yo po, unang-una, tama po ang sinasabi nila. Wala na po sigurong ibang tao na talagang nagpursige para tayo ay maging miyembro ng ICC kung hindi ako iyon: Naghain ako ng kaso sa Supreme Court; naging co-convener ako ng Philippine Coalition for the ICC; tinuro ko iyan; ni-lecture ko iyan sa halos lahat ng abogado sa Pilipinas mula Tuguegarao hanggang Zamboanga. Halos lahat ng abogado, halos lahat ng judges nalaman ang ICC dahil sa akin.

MCLE subject iyan, international law, ginawa ko talagang ICC subject iyan. So nagugulat sila kung bakit ang deklarasyon ko ngayon ay sang-ayon ako. Sumasang-ayon ako, dahil tama ang desisyon ng Presidente! Ang ICC binuo talaga iyan para masigurado na walang gagawa ng karumal-dumal na krimen at hindi mapaparusahan. Pero iyan po ay isang hukuman na binuo ng mga estado. Walang estado naman na hahayaan o pababayaan ang kaniyang soberenya na walang dahilan. Dahil, kaya ka nga gobyerno, dahil ikaw ay may soberenya! At kaparte ng soberenyang iyan, iyong lumitis ng mga kaso, mga krimen na nangyari sa iyong teritoryo.

Kaya lang naman pumasok tayo sa ICC, kasama na iyong mga 123 estado na sumapi sa ICC ay dahil sabi natin ay gagana lang iyan kapag hindi na gumagana iyong mga lokal na hukuman natin. So for example nagkaroon ng kaguluhan sa Pilipinas, nagkaroon ng civil war at hindi na gumagana iyong mga hukuman natin at nagkaroon ng mga war crimes, importante na puwede silang maparusahan, gaya noong nangyari doon sa mga Aleman during world War II na pinarusahan sila doon sa ginawa nila, bagama't ang ginawa nga nila ay sa habang mayroong digmaang nangyayari.

Hindi naman ibig sabihin niyan na pupuwede nang mag-substitute iyong ICC para doon sa mga lokal na hukuman natin. Sino sa Pilipinas ang magsasabing hindi gumagana ang hukuman natin? Hulaan na natin iyan na may corruption, mabagal, pero walang magsasabing hindi gumagana. Pangalawa, walang kahit anong batas na nagsasabi na mawawalan ng pananagutan ang kahit sinuman.

Ang mga Presidente – iyong tinatawag nilang immunity – habang sila ay nakaupo lamang! Pero alam natin na dalawang Presidente na ang pinakulong natin immediately pagkatapos ng kanilang termino. So, wala talagang dahilan, dahil gumagana ang hukuman at ang mga Presidente napananagot! Dalawa pa nga pamamaraan natin dito. Hindi lang pagtapos ng termino. Iyong Ombudsman may kapangyarihan na mag-recommend ng impeachment, dahil pag ang Presidente na-impeach matatanggal sa puwesto, mawawala iyong kaniyang immunity. Pero ni minsan naman hindi ginamit iyan ng Ombudsman iyong ganiyang kapangyarihan. Bagama't ngayon may nakabinbin na reklamo on extra-legal killings doon din mismo sa Ombudsman.

Pero siyempre, mas importanteng konsiderasyon diyan, bakit ninyo huhusgahan ang Presidente, samantalang ang kaniyang ginagawang programa, iyong giyera laban sa droga ay hindi po iyan murder sang-ayon doon sa Rome Statute. Ang murder po ay illegal killings. Wala pong illegal, sa mga collateral damage ng war on drug, ito po ay valid police operation. Valid exercise of police power, unless tatanggapin mo na legal ang droga. So habang illegal ang droga at gumamit ng dahas ang estado laban sa droga, hindi po iyan magiging illegal.

Siguro doon sa mga instance na gaya ni Kian na walang dahilan na pinatay. Eh iyan naman, ano ang nakita natin, si Presidente pa ang nagsabi, arestuhin mo! So, bakit nila ngayon sasabihin na ang Presidente ay hindi gumagalang sa batas. Eh malinaw ang mensahe niya, kapag kayo mismo ang lumabag ng batas, ipakukulong ko kayo, pero kapag ang patayan ay nangyari dahil kayo po ay tinataguyod ninyo ang batas at mayroon talagang mga masasamang loob na lumalaban, sagot ko kayo kahit saan man tayo makarating.

So, iyan po ang dahilan! Kaya tingin ko tama ang desisyon ng Presidente, dahil hindi naman pupuwedeng isantabi iyong dahilan kung bakit tayo naging miyembro ng ICC at iyon nga po iyong hindi dapat maging Court of first instance ang ICC. It is a court of last resort.

**Q:** May pagkakaiba po ba ang ICC sa ICJ?

**SEC. ROQUE:** Opo. Ang ICJ, iyan po ay judicial organ ng United Nations at tanging mga partido diyan sa ICJ ay mga estado lamang, samantalang ang ICC, tao po ang pinananagot diyan at criminal liability po ang nagiging husga ng hukuman.

**Q:** Nalalaman, napapansin ko na kayo. Marami sa mga readers natin natutuwa sa mga sinasabi ninyo, magaling ka daw mag-explain, straight to the point. Hindi ko maintindihan, ang madalas ninyong kausap eh media. Dito sa ordinaryong mga tao naiintindihan ka nila, bakit iyong mga media na kausap mo halos araw-araw ay tila hindi ka naiintindihan? Sadya ba silang tanga, bobo o mina-manipulate lang nila iyong sinasabi mo. Ano ba ang nangyayari? Kasi naiintindihan ka ng ordinaryong tao, nakikinig kami rito, mukhang naiintindihan ka namin. Ano ba yan, mababa ba ang IQ requirements para makapasok sa Malacañang Press Cartel?

**SEC. ROQUE:** Alam n'yo kasi ang mga pahayagan at itong balita, negosyo rin po iyan. At gaya ng lahat ng negosyo may mga nagmamay-ari na merong mga interes. Ang problema dito sa ating bayan, hindi ipinagbabawal na ang mga nagmamay-ari ng media ay hindi dapat magnegosyo ng iba. Kasi nga, kapag may iba silang mga business interest, gagamitin at gagamitin nila iyong kanilang media para itaguyod iyong kanilang mga interes. Iyan po ang nangyayari sa Pilipinas, malungkot. Pero halos lahat po ng nagmamay-ari ng media at saka print media natin – broadcast and print – may ibang negosyong pinoprotektahan.

So bumabatikos iyong ilan, ilan lang naman iyan, dalawa talaga iyong consistent diyan – Inquirer at saka Rappler – dahil may mga pinoprotektahan silang mga interes. Alam naman natin iyong pinoprotektahan ng Inquirer, malinaw na malinaw na iyong kanilang Mile Long na wala naman silang dahilan eh napakatagal nilang pinagkagatasan. Iyong kanilang mga iba pang negosyo na hindi pala sila nagbabayad ng tamang buwis.

At pagdating naman sa Rappler, obvious na obvious iyan, nagpre-pretend sila na tagapagtaguyod ng Saligang Batas at mga batas ay sila pala ang lalabag. Nag fund-raising scheme, napakalaki pala ng kinikita nila. Tapos nung sinabi ng SEC na lumalabag iyan sa ating Saligang Batas, aba umiyak, infringement of press freedom. Eh kailan ba naman natin sila pinigilan magsulat ng kahit anong artikulo, wala ngang mabuting artikulo nanggaling sa kanila! Pinigilan ba natin sila! Hanggang ngayon nga patuloy ang wakwak nila. Nasaan ang infringement diyan!

Pero ang katunayan po kasi, negosyo nila iyan! Ang negosyo ng Rappler, bagama't hindi sila gaya ng Inquirer, iyong mga funders na gusto talagang pabagsakin ang gobyerno. Saan ba nanggaling iyang pera nila – 1.5 million dollars – kung hindi doon sa mga neo-Liberal na mga NGOs na gusto talagang maging sunud-sunuran iyong mga gobyerno – na gaya ng Pilipinas – doon sa mga interes nila! Kaya nga pinagbabawal iyong mga dayuhan sa media eh, kasi pupuwedeng i-brainwash iyong taumbayan na pagsilbihan ang interes ng mga dayuhan.

Iyan po ang dahilan talaga kung bakit ipinagbabawal sa Saligang Batas. Ayon malinaw na malinaw, exhibit A, Rappler.

**Q:** Kasi ang isa sa mga sama ng loob ko sa inyo dati, dahil nga mukhang kinakatigan, kinikilingan, kinakampihan ninyo ang mainstream media. Lalong-lalo na noong sinabi ninyo na may utang na loob ang mga DDS sa pagkapanalo ni Presidente Duterte. Which I think was very wrong. Isang tanong! Puwede ba na paminsan - minsan naman, mag-presscon kayo ang kausap, iyong mga DDS na nandito, wag na kayo mag-imbita. Maraming mga tanong ng matatalino galing sa taumbayan. Baka naman pupuwede?

**SEC. ROQUE:** Eh hindi po ito kauna-unahang beses na ako'y nagkaroon ng Facebook Live.

**Q:** Hindi, pero Regular ba.

**SEC. ROQUE:** Regular po ito, nagwa-once a week po ako! Di ba si Saz, tapos si Maharlika, tapos kayo! So, ang ginagawa ko po, at least once a week, mayroon talaga tayong Facebook live with bloggers.

**Q:** Puwede ba pagka-press briefing, nakita ko iyong press briefing ninyo, may malaking TV kayo doon, di ba. Puwede ba ninyong ibato doon iyong live ninyo, para nakikita ninyo. Kasi po sa akin, hindi po ako ang dapat nagtatanong, hindi si Drei, hindi si Carlo, hindi si Nice. Ang gusto ko pong magtanong sa inyo ay iyong taumbayan. From the questions of the people, iyon ang gusto ko pong magtanong sa inyo.

**SEC. ROQUE:** Oo, gagawa po tayo ng paraan, hindi ko lang alam kung ano iyong—well meron po akong dine-develop talaga na parang app na pupuwede talagang magtanong live. Kasi ang problema – maski wala ako sa Malacañang Press Corps – gusto ko sana na magkaroon ng press briefing na nakapagtatanong iyong Malacañang Press Corps, but at the same time magagamit ng kahit sino.

Ang meron lang po kasing facility ngayon, iyong tina-type na question, medyo matagal po iyan. Pero, yes that's a good point po!

**Q:** Marami po kasi, katulad ngayon, ang daming mga tanong eh.

**SEC. ROQUE:** Marami naman pong pupuwede, puwede naman nating i-Facebook live. At naka-Facebook live naman iyong aking press briefing, kaya lang hindi ko alam kung papano sila magtatanong kung Facebook live.

**Q:** Lalabas po iyong comment doon. Kasi sa akin lang Spox, sorry ha pasensiya na. Ang ano ko kasi dito is, iba ang impression ng mga tao na ang social media ay supposed to the influencers, we are not social media. The people who are commenting are social media. Kung nababasa iyong mga comment dito ngayon, sinasabi nila na hindi ninyo na daw ho kailangan ng 5 million basta magtatrabaho lang kayo para kay Presidente, susuportahan kayo ng DDS.

**SEC. ROQUE:** Naku, nakakaiyak po iyan.

**Q:** Ito po iyong comment ng social media, hindi sa akin. Ako kahit murahin ko kayo araw-araw, ako lang iyon, isang tao lang iyon, isang boto lang naman sa akin, hindi pa ako registered to vote. So bale-wala rin ako sa inyo.

**SEC. ROQUE:** Naku, dagdag-bawas pa pala ikaw, wala ka pa, bawas ka pa, magrehistro ka naman.

**Q:** Hindi po ako registered voter eh. Ayaw ko pong magrehistro kasi baka isipin nila may ambisyon akong tumakbo ako, hindi ako registered voter. So ang gusto ko po sana, Spox, is imbitahin ninyo ang ordinaryong mamamayang Pilipino nana sa social media ngayon, magtanong sa inyo from the Malacañang Press room through social media, through Facebook. Technology is there, they deserved to be there more than Pia Ranada, more than all these assholes in the Malacañang Press Cartel. It is the Filipino people who should be there, iyon ang gusto kong gawin.

**SEC. ROQUE:** Well alam n'yo po importante itong internet, kasi doon sa teyorya ng malayang pananalita at malayang pamamahayag, kinakailangan meron tayong isang malayang merkado ng ideya at nandiyan naman ang internet. So titingnan po natin kung paano natin magagamit itong Facebook Live ng ating mga press briefing para kumalap at sumagot ng katanungan sa mga nasa social media.

So titingnan ko po kung ano ang magagawa natin. Siguro naman meron lang magbabantay sa comments at mag a-abot ng tanong sa akin, kung ano iyong natatanong sa Facebook live.

**Q:** Yes, thank you, Spox, kapag ginawa iyan Spox, hindi na ako galit sa inyo.

**Q:** May nagpapabati dito from Tita Rina Abendolaza from New York and also si Dennis Hilbay. Ang komento niya, sir: "Mark my word, continue to support the people and the President and you are a senator come 2019.

**SEC. ROQUE:** Salamat po.

**Q:** Follow up, sir. Ano na po iyong latest doon sa kaso ng Rappler.

**SEC. ROQUE:** May bago po silang kaso, tax evasion. Tapos iyong kaso nila sa SEC inapela nila CA. Kaya naman sila nag-ingay, kasi gusto nilang takutin iyong justice na hahawak noong appeal, kapag ikaw ay hindi dumesisyon sa amin kukuyugin ka rin namin. Pero tingin ko ang mga justices, walang pakialam diyan. Kasi justice na nga sila, wala na silang pupuntahan eh, justice na eh! Maski hindi na sila makarating sa Supreme Court, Justice na rin ang titulo nila. So tingin ko magiging patas naman diyan ang Court of Appeals.

**Q:** So iyong kanilang ban sir, is only sa Malacañang?

**SEC. ROQUE:** Hindi! Lahat ng Presidential coverage!

**Q:** Sir lalong mangangayayat si Pia Rañada ngayon! Hindi na siya makakain sa buffet na pinamimigay ng PCOO. Hindi ba iyon naman ang reklamo niya, bakit daw papasukin ang mga bloggers eh limitado na nga daw iyong buffet. Alam ninyo doon lang nakakakain talaga si Pia sa mga buffet na binibigay ninyo.

**SEC. ROQUE:** Well, sa akin talaga, talagang tinapon niya ang sabaw, kasi grabe talaga ang access niya sa Presidente. Alam mo maski maraming nabubuwisit kay Pia Ranada, eh sinasabi ko nga na parang apo ang turing diyan. Kasi noong nagko-cover siya sa eleksiyon, parang naaksidente yata dito iyan sa Davao. At si Presidente talaga ang nagsama sa kaniya sa hospital, hindi iniwan. So, mula noon talaga ang samahan nila ay para silang magkamag-anak talaga! Kaya nga tinapon ang sabaw, kasi alam mo bilang isang peryodista, iba kapag mayroon kang access sa mga news subject, kapag nawalan ka ng subject, para que pa? You will only monitor what's happening pero wala ka nang relasyon.

Kaya nga sa mga estudyante ng journalism, isa siguro na hindi naituturo ng mabuti ay paano pangalagaan iyong relasyon.

**Q:** Sir, sa nangyayari sa Senate hearing, seven million sa fake news, may patutunguhan ba ito?

**SEC. ROQUE:** Wala! Kasi sabi ko nga, kapag siya ay nagpilit diyan, pupunta ako sa Supreme Court, at sigurado ako makakakuha ako ng isang order, desisyon na labag iyan sa Saligang Batas. No law shall be passed abridging freedom of expression, ano ang ginagawa niya? Nagpapataw siya ng parusa sa diumano ay fake news. Eh di ba, that is abridging freedom of expression.

Pangalawa, void for vagueness. Ano ba iyong fake news, sino ang magiging huwes kung ano ang fake news. Eh ang fake news natin ay news doon sa kabila, ang fake news sa kanila ay news sa atin. Sino ngayon ang magsasabi kung ano ang fake at ano ang katotohanan?

**SEC. ROQUE:** Sa ideya ng demokrasya, hayaan ang publiko. Sabi nga nila: 'The true test of truth is a power of a thought to be accepted in the free marketplace of ideas,' hayaan mo ang taong bayan ang maghusga. Kaya nga lumago ang social media eh, kasi gusto ng alteranatibo ng tao doon sa established

media. Market forces iyan eh, iyan ang market forces ideas. O kapag hindi ka nagbigay ng—iyong gusto ng tao, hahanap sila ng iba at nahanap nila ang social media. At iyan naman ay talagang liberating aspect ng mass media. We no longer bound by traditional media sources.

**Q:** Sa palagay ninyo po ba iyong proposal ni Atty. Florentino, going for government employees?

**SEC. ROQUE:** Alam ko naman po iyan kasi unang-una ang interes po na tinataguyod – kung mayroon man – sa isang batas na fake news ay para itaguyod ang katotohanan, wala pong kinikilalang posisyon, designasyon, trabaho ang katotohanan. Iyan po ay obligasyon ng lahat at lalong-lalo na ang tingin ko nga dapat mas malaki ang ipapataw na parusa doon sa mga propesyonal na peryodista. Bakit? Kumikita sila doon eh!

**Q:** Negosyo nila iyon—

**SEC. ROQUE:** Ang mga bloggers kumikita ba diyan? So mali iyong sinasabi nila na palibhasa government official are subjected to higher standards. Iyong higher standards na iyon has nothing to do with the truth ‘di ba? So tama iyong sinasabi ng iba, kung ikaw ay government at may mali kang sinabi sa iyong blog, maybe ma-prosecute ka doon sa Code of Ethics ng gobyerno, pero para ikaw pumatol ng parusa dahil lamang doon sa diumanong fake news, mali! Wala pong basehan iyan na isi-single out mo iyong mga taong gobyerno.

**Q:** Sa blog sir ni Jo Bernardo ay tinitira din po kayo doon at ngayon sir—mayroong kaso na isinampa siya kay laban kay Sass Rogando at saka kay RJ Nieto. Ano po iyong reaksiyon ninyo doon?

**SEC. ROQUE:** Iyan po, ako ay naniniwala diyan sa mga kasu-kasuhan pagdating sa mga malayang pananalita. Maglabanan ang ideya, kung sino ang tanggapin ng publiko iyon ang panalo. Kaya ako tutol ako diyan sa mga kasu-kasuhan—ako nga ang daming tumitira sa akin, may kinasuhan ba ako? Wala! Kasi alam ko naman malalaman ng tao kung ano ang katotohanan. So ang mensahe ko ang mga nagkakaso lamang iyong talagang hindi sigurado sa kanilang mga ideya na tatanggapin iyan sa publiko ng merkado ng malayang ideya.

**Q:** Spox, question. Marami sa mga kritiko ni President Duterte ay kasamahan ninyo dati ‘di ba? You were a human rights lawyer, ang sabi ninyo nga itong ICC, treaty, ikaw ang isa sa mga nanguna. So mga kasamahan ninyo sila, marami sa kanila ang nagtatanong ngayon, whatever happened to the real Harry Roque? Iyong mga tanong na ganoon. Ang napapansin ko lang sa—habang lumalabas sa social media iyong mga ideas ng mga tao and filtered by mainstream media, it seems na marami pa rin sa kanila ang inherently stupid. How do you always been like this or are they—as if—iyan oh. Dati kasi itong mga taong ito nakikita lang natin iyong mga opinyon nila, filtered at putol-putol na inilalabas ng—iyong mga kaalyado nilang mga media outlets ‘di ba? Ngayon, at nakikita natin unfiltered. Medyo mukhang mahina, ganiyan ba talaga sila dati?

**SEC. ROQUE:** Hindi maraming oportunista.

**Q:** Okay.

**SEC. ROQUE:** Alam mo bago pa nga ako maging taga-pagsalita ni Presidente, bago pa ako maging openly kay Presidente, may mga nanguna naman na diumano kaalyado niya, iyong mga komunista. Eh ‘di ba lahat ng boto nila galing naman – kay Presidente – dito sa Davao. Bagama’t binigyan ako ng boto ni Presidente dito sa Davao, 15,000 lang sa isang distrito lang at makikita mo talagang may boto lang ako sa isang distrito. Sila lahat ng boto sa kanila napunta. Eh bakit ngayon kinakalaban? Eh kasi ayaw pumayag ni Presidente sa kanilang tinatawag na coalition government.

Iyan din naman iyong mga kasama ko sa kalye dati eh. Pero sila talaga noong una pa, oportunista dahil akala nila makakapasok sila sa gobyerno ng walang mandato. Sabi ni Presidente, ano kayo masaya? Sa demokrasya ang mandato ng taong bayan dapat ibigay, hindi mo iyan sini-share. Palibhasa mayroong kang threat na gagamitan mo ng dahas kapag hindi ka nakapag-share ng kapangyarihan. So iyan po iyang mga maiingay din. Well mayroon din talaga na talagang maski hindi sila komunista ay nag-iingay. Pero iyan naman iyong mga elitista talaga, kilala ko iyong mga iyan! Mga bourgeois talaga iyan na hindi makatanggap na isang gaya ni Presidente ay naninilbihan na ngayon. Ang gusto nila talaga anak mayaman kasi kapag hindi ka anak mayaman, hindi ka katanggap-tanggap sa kanila.

Maingay sila, pero ako kampante naman, ang kaunti-kaunti naman nila eh! Sabihin na natin na dumami sila. Hayaan ninyo mas marami pa rin iyong taong bayan na sumusuporta kay Presidente. Tanggap ko na, na hindi ka pupuwede na mapasaya ang lahat. Basta ang inaasahan ko lang at ang aking sinisiguro ay binibigyan natin ng katugunan iyong mga sentimyento ng mas nakakarami sa ating bayan. So sa akin, sige na batikusin ninyo na kung batikusin. Unang-una hindi ko naman kayo binabasa. Pangalawa, alam ko naman ang husga ay sa sambayanan at hindi sa kakaunti lamang. Iyan nga iyong napakaganda sa internet. Lahat tayo ngayon may boses.

**Q:** Sir, maiano ko ito—ibang topic, may kumakalat kasi na tsismis ngayon na may dalawang Gabinete daw ang masisibak. Sa nangyari po kay Secretary

[audio garbled]

ito ba iyong ano—

**SEC. ROQUE:** Naku alam ninyo po hindi na ako mag-e-speculate sa ganiyan ‘no. Pero ang Presidente naman kapag dumating na doon sa hindi niya na kayang mapigilan ay talagang sisibakin naman at sisibakin kahit gaano ka kalapit. Lahat ng sinibak nga niya iyong pinakamalalapit sa kaniya, lalo na sa kampanya. Wala pa nga siyang nasibak na hindi malapit sa kaniya eh. [laughs]. So the warning is there, walang sinasanto iyong Presidente kaya magtino kayo.

**Q:** Ano iyong timeline ng binuong panel—iyong sa ano—iyong binuo na investigating team para sa kaso ni Erwin Espinosa?

**SEC. ROQUE:** Hindi ko po nalalaman ang timeline pero sa lalong mabilis na panahon iyan.

**Q:** Spox, marami ang ano—napakinggan ko iyong interview ni Aguirre, kasama niya kay—Mike Enriquez yata ito. Nandoon daw sila sa Tacloban yata noon for the prosecutors whatever-whatever.

**SEC. ROQUE:** National Prosecutors’ League.

**Q:** Oo nandoon sila ini-interview siya. Tinatanong sa kaniya, binanggit iyong sinabi ni Presidente Duterte na kapag hindi niya naikulong si Kerwin Espinosa, siya ang ipapalit sa loob ng piitan ‘no. Two questions; number one, sinabi ba talaga ni Presidente Duterte iyon—

**SEC. ROQUE:** Sinabi niya.

**Q:** At pangalawa, sinabi niya. Number two, ang sagot ni Aguirre ay: ‘Alam ninyo naman ang Presidente natin minsan ay nagbibiro.’ Nagbibiro ba si Presidente Duterte noong sabi siya ang ikukulong at—

**SEC. ROQUE:** Posible. Posible pero ang pagkakakilala ko po kay Presidente, wala iyang sinasabi na walang laman. So gaya nga ng sinasabi ko palagi, ‘Do not take the President literally kasi mahilig talagang magbiro iyan. But always take him seriously kasi may mensahe doon sa loob ng biro.’

**Q:** Ano ang mensahe noon?

**SEC. ROQUE:** Hindi katanggap-tanggap na mapawalan itong si Kerwin Espinosa.

**Q:** Bilang Attorney, bilang Lawyer, procedurally pinakinggan ko kasi ang explanation ni Aguirre. Ah may tama nga naman, procedurally. Pero kung ititimbang natin, we will weigh the answer as to the importance of this case to the entire campaign against illegal drugs. Mayroon pa ba dapat—mayroon pa ba dapat nagawa para hindi tayo nahantong sa ganitong klaseng sitwasyon?

**SEC. ROQUE:** Well sa akin po, wala namang pagbabawal, kung may kulang na ebidensiya dapat hinanap. Hindi naman hukuman ang mga fiscal eh! Ang trabaho nila ay masigurado na mapanagot ang mga nagkasala at huwag ng makasuhan iyong mga inosente. Pero kung hindi sila sigurado, wala pong nagbabawal sa kanilang procedure na maghanap ng additional na ebidensiya kung gusto nila. Pangalawa, iyong sinasabi na umamin na nga sa Senado, bakit hindi kinonsidera? Sino ka ba naman? Kung hindi ka nanonood ng TV at saka mo lang malalaman na hindi umamin si Kerwin. Dapat iyon sila na ang kumuha dahil iyon naman talaga ay narinig ng lahat—

**Q:** Hindi sabi ni Aguirre—

**SEC. ROQUE:** Eh kung gusto mong maging matter of record iyan, eh 'di dapat pinakuha mo na?

**Q:** Eh sabi kasi ni Aguirre, hindi niya daw napanood. Tama nga naman kasi nandoon siya. Senile na ba si Aguirre?

**SEC. ROQUE:** Ay hindi naman po. Ang intindihin ninyo po kasama ko po iyan sa Gabinete kinakailangan po ay collegiality, respect.

**Q:** Sir nagpapabati lang po iyong mga DDS dito sa Davao at iyong DDS sa Hong Kong.

**SEC. ROQUE:** Hello po. Nandito po ako sa inyo at kasapi po ako ng Araw ng Davao.

**Q:** Pinapatanong sir, ni JLB sa Hong Kong kung ano daw iyong opinion sa federal-parliamentary as taken ni Presidente versus the federal-presidential form as an institution?

**SEC. ROQUE:** Hindi po ang Presidente po ang gusto rin niya presidential. Ang sabi niya is gusto niya French model which is elected President pero very decentralized ang gobyerno.

**Q:** Iyong change sa ano sir, before 2019 mangyayari ito?

**SEC. ROQUE:** Well, may posibilidad po na it may even beyond. Mas gusto niya before 2019 kasi sabi nga niya kapag nagbago iyan ay bababa na ako sa 2020. Pero, at the same time alam ko rin po na iyong PDP-Laban ang basehan ng kanilang pagkakaisa ngayon ay iyong pangako na iyong mga tatakbo sa Senado susuporta sa federal form of government. Eh bakit kinakailangang mangako kung matatapos na ang proseso by 2019. So parang mayroon ng indication na baka hindi makamit before 2019.

**Q:** Will you support federalism?

**SEC. ROQUE:** I am supportive of federalism now 'no. Karansa ko iyan sa Kongreso, may dalawa akong batas na nagbibigay ng mas malaking pondo ng bayan sa mga lokal na pamahalaan. Nagbibigay ng mas malaking porsiyento doon sa mga kita na galing sa tanging yaman sa mga lokal na pamahalaan. Ayaw po pumayag ng mga Congressmen kasi nga po sa ating current system of government na unilateral at ang kapangyarihan ay nanggagaling sa Kongreso 'no. So, ang tingin ko po mas mabilis makakarating ang

serbisyo, mas madaling gastusin ang kaban ng bayan at siyempre ‘no mas makikinabang ang taong bayan kung ang resources po ay nasa mga lokal na pamahalaan.

**Q:** So mayroong article ng pulitiko dito, iyong reaksiyon lamang po bilang miyembro ng PDP-Laban. Sabi dito na hindi daw tanggapin ng PDP-Laban si Senator Bam Aquino as the guest candidate for 2019. Ano po iyong reaksiyon ninyo dito?

**SEC. ROQUE:** Totoo ba ho iyan?

**Q:** Ito sir yesterday na article from Politico.

**SEC. ROQUE:** Ay naku mahihirapan po ako diyan. Mabuti na lang may Hugpong—

**Q:** [laughs]. Lilipat kayo kung ganoon?

**SEC. ROQUE:** Bagong development po iyan, hindi ko po alam iyan.

**Q:** PDP, ready to add Bong Go, Bam for 2019 Senate slate.

**Q:** Si Koko nagsabi niyan?

**Q:** Yes article ito ng Politiko.

**Q:** Wala talaga, kung totoong sinabi ni Koko iyan, alam ko hindi ko entertain-in.

**SEC. ROQUE:** Well ako naman po, hindi pa ako sigurado nga dahil wala naman ako pera ‘no. So siguro I may not have ride with that dilemma. Pero mahirapan po akong tumakbo na kasama ang Bam Aquino. I’m sure naintindihan naman po iyan ni Senate President dahil mayroon na rin siyang karanasan. Pero parang importante naman na itaguyod natin ngayon ang mga paninindigan at hindi na kriminalidad. Hindi na bale iyong—siyempre importante na mapanalo ‘no pero hindi naman lahat dapat ay nakabase doon sa winnability. In the first place sa mga survey, din naman winnable ‘no.

So sa akin well gaya ng sinabi ko, wala naman akong pondo bahala sila pero nagkakaroon ng alternatibo dahil hindi ko alam talaga kung anong mangyayari sa Hugpong. Bagama’t ngayon po talaga ay wala naman yatang kaduda-duda ang suporta pa rin ng Presidente sa PDP-Laban pero hindi ko po alam talaga kung ano ang magiging sentimyento ni Presidente mismo kung makakatakbo si Bam Aquino sa PDP-Laban.

Ako po, tatapatin ko kayo ‘no, noong mga pagkakataon na narinig ko ang Presidente na magkalkula kung sino ang mananalo, kung sinong hindi. At kung sino ang dapat mapasama, hindi ko pa po naririnig sa dibdib ni Presidente na si Bam Aquino ay mapapasama sa administration party.

**Q:** Medyo nakakagulat nga ano, fake news iyon. Sa palagay ninyo po ba may naglalakad diyan sa Senate?

**Q:** Si Koko.

**SEC. ROQUE:** Siyempre mas madaling manalo ‘no kung nasa administration party ka. Pero sa akin naman... Well I guess hindi talaga ako politiko kasi noong nasa Kamara pa ako, nagtataka nga ako bakit ako napunta sa minority at iyong mga Liberal sila iyong nasa majority. [laughs]. Pero sa akin ay pagdating naman sa mga ilang bagay dapat naman mayroong paninindigan kahit papaano.

**Q:** Ang naging rason daw kasi sir, is PDP-Laban is a merger between the Partido Demokratiko Pilipino which is founded by iyong tatay ni Senator Pimentel and Lakas ng Bayan which is iyong founder daw iyong Uncle ni—

**Q:** Si ano Butch—

**Q:** So parang in that context—

**Q:** Iyan na nga ang sasabihin ko. Sige ho, totoo ba iyan?

**SEC. ROQUE:** Hindi ko po alam kung iyan ay accurate. Hindi ko pa po nakakausap si Senate President. Pero sa akin po ay wala naman akong ganiyang narinig sa Senate President. Wala rin akong ganiyang naririnig.

**Q:** So again, you may choose to answer or not based on, iyong sabi ninyo nga iyong principle of collegiality na magkakasama naman kayo sa administrasyon. Si Koko Pimentel ay nagpupumilit na siya ay tatakbo na ang batas natin nagsasabi dapat term limit na niya because he served the unexpired term of... si Migs Zubiri. Legally, not from a position of a Spokesperson but legally anong—may opinyon ba kayo doon? Again you may choose to answer or not.

**SEC. ROQUE:** Eh hinahayaan ko po muna si SP na sumagot diyan dahil siya ay aming bar top-notcher. Ayaw ko naman na sumagot diyan at sabihin niya mas magaling ako diyan dahil ikaw hindi ka bar top-notcher.

**Q:** Bar top-notcher si Koko?

**SEC. ROQUE:** Number one po iyan.

**Q:** Number one. Ilan po ang tumakbo, dalawa?

**SEC. ROQUE:** Saan po?

**Q:** Ilan po iyong bar taker noon, dalawa?

**SEC. ROQUE:** Hindi. Number one po talaga siya. More than five thousand kaming kumuha noon, number one po si Koko Pimentel.

**Q:** Number one si Koko Pimentel, wow!

**SEC. ROQUE:** Sa aming batch, 1990 po.

**Q:** 1990, condolences po.

**SEC. ROQUE:** Hindi naman po.

**Q:** Si Senator Trillanes po ay nakita po na nandoon sa Vienna, Austria, nagkakalat ng fake news sabi ng mga DDS doon. Ano po ang ginagawa ng (unclear)

**SEC. ROQUE:** Alam mo, gaya ng sinabi ko, ang naghuhusga, publiko. Kung tatakbo ngayon iyang si Trillanes sa Senado, talo iyan. Hindi nga siya sigurado kung mananalo siya sa party list na iyon ‘no.

Matagal na nating sinasabi, kung ikaw ay hindi credible, ang husga ay masakit dahil hindi ka na paniniwalaan. So sino ba ang naniniwala ngayon kay Trillanes? Putak nang putak. Sino Naniniwala? Kaya nga po halos hindi ko na pinapansin ang sinasabi niya kasi bakit ko kailangang sagutin ang mga sinasabi niya, wala naman naniniwala sa kaniya.

**Q:** Dito sa Pilipinas, sir, talagang oo. Wala talagang …mahina talaga si Trillanes. Pero since doon niya dinadala iyong laban sa international group, ano ang ginagawa ng gobyerno, sir?

**SEC. ROQUE:** Wala po. Kasi sabi naman ni Presidente, ang kaniyang pananagutan ay sa sambayanang Pilipino lamang. Wala naman siyang pakialam sa sambayanang dayuhan. Bahala sila sa mga buhay nila.

**Q:** Leila de Lima, Spox—

**SEC. ROQUE:** May sakit daw, let's be kind.

**Q:** May sakit, may sakit so Leila?

**SEC. ROQUE:** Among others, marami naman talaga siyang sakit kagaya ng isang sakit na … you know. [Laughs] Sobra, but anyway …

**Q:** Leila de Lima, sinasabi naapektuhan iyong kaso ng gobyerno kay Leila De Lima dahil sa kapalpakan na nangyari sa Department of—

**SEC. ROQUE:** Non-sequitur, hindi naman siya kasama sa (unclear)

**Q:** Hindi kasama iyon.

**SEC. ROQUE:** Bakit ba siya sama nang sama sa kasong hindi niya kaso 'no. Mayroon na siyang sariling mga kaso, asikasuhin na lang niya iyon.

**Q:** Mahilig siya sa three way eh.

**SEC. ROQUE:** [LAUGHS]

**Q:** Gusto iyang makisawsaw doon.

**Q:** Flexible siya.

**SEC. ROQUE:** Mayroon nga pa lang aso ano. But anyway …

**Q:** So hindi maapektuhan? Hindi siya maapektuhan? Hindi humina?

**SEC. ROQUE:** Hello, wishful thinking.

**Q:** Wishful thinking iyon. Isa pang question again on legal … sa batas 'no. Isa lagi sa sinasabi ni Presidente Duterte, ang one of the most idiotic laws that we have right now ay iyong juvenile justice act. Lagi iyang binabatikos si Kiko Pangilinan tungkol dito. Kung kayo ba ay mabigyan ng tiyansa mapunta sa Senado, will you consider repealing, revising, correcting the error itong Pangilinan Law?

**SEC. ROQUE:** Sinuportahan ko na po iyan noong ako'y miyembro pa ng Kongreso. So hindi na future tense po; nabigyan ko na po ng suporta iyong latest version na sinulong ni Pia Cayetano sa mababang kapulungan.

**Q:** Ano po ang tingin ninyo dapat baguhin sa batas na ito? The most important thing?

**SEC. ROQUE:** Ang ginawa pong version ni Pia Cayetano ay wala namang pagkakakulong pero dapat mayroon talagang iyong pagbibigay ng kustodiya sa DSWD kung hindi talaga mapapangalagaan ng magulang ng bata.

**Q:** Iyong age limit ba, do you think that should be modified?

**SEC. ROQUE:** Binaba po pero hindi na maikukulong, kung hindi ibibigay ang kustodiya sa DSWD. Tapos marami ring mga opsyon 'no, iyong may intervention ng social workers. In other words, hindi po puwedeng pabayaan lang ang bata sa magulang kung nakagawa na ng krimen ang bata.

**Q:** [OFF MIC]

**SEC. ROQUE:** Hindi ko lang po sigurado. Pero marami pong nagsasabi ngayon na—

**Q:** [OFF MIC]

**SEC. ROQUE:** Paiba-iba po. Pero actually, mas mababa iyong average age po, kung hindi ako nagkakamali, mayroon na hong lecture na nagawa na ganiyan. Parang mas mababa po ngayon, parang 13 yata, kung hindi ako nagkakamali. So masyadong mataas iyong atin, dapat ibaba naman talaga.

**Q:** Spox, may nagtatanong dito, opinyon ninyo lang daw. Again, you're not really involved in this case but opinion ninyo lang sa protesta ni BBM against sa alleged Vice President natin na si Leni Robredo?

**SEC. ROQUE:** Ako kasi sa simula't simula, hindi na ako bilib diyan sa Smartmatic. Ako nga iyong naghain ng kaso laban sa Smartmatic. Ang tawag ko diyan, automated (unclear). So iyon po ang aking opinyon diyan.

**Q:** To be more specific siguro rin na question, sinasabi ng kampo ni BBM na pinapahaba iyong proseso, pinapatagal, delaying tactics. Mayroon ba?

**SEC. ROQUE:** Talagang matagal iyong proseso. Kaya nga dapat pumili na tayo ng teknolohiya na may combination na nababatayan ang pagbasa at pagbilang ng boto. At siguro ang i-automate na lang natin ay iyong canvassing, iyong transmission ng mga suma-total na nanggagaling sa mga presinto.

Kasi habang hindi mo ginagalang iyong secret voting and public counting, may duda ka talaga kung ano ang ginawa ng makina.

**Q:** Sir, sa Comelec. Si Andy Bautista daw ay may sakit, nasa US. Hahabulin ba siya ng gobyerno?

**SEC. ROQUE:** Well, ngayon ay walang basehan kasi wala pang kasong kriminal. Pero, you know, flight is an admission of guilt. So kung ikaw ay walang kasalanan, umuwi ka. Abogado ka pa naman.

**Q:** [OFF MIC] …sa Kamara, iyong time na (unclear), ano ang aasahan ng taumbayan (unclear)

**SEC. ROQUE:** Siguro inaasahan ng taumbayan ay (unclear). Kapag sarili mong kasama sa kataas-taasang hukuman pati iyong mga huwes ng mababang kapulungan ay konti namang pagdinig sa sentimyento sa iyong mga kasama sa iyong institusyon.

**Q:** Kung sakaling hindi siya ma-impeach at hindi siya mag-resign, magpatuloy si Sereno bilang Chief Justice, sa sitwasyon, sinabi ninyo nga na iyong mga kasama niya mismo sa hudikatura ang nagsasabi

sa kaniyang wala na silang tiwala sa kaniya. As a lawyer, how do you view the institution of the Supreme Court? Will it be good for the institution?

**SEC. ROQUE:** Hay naku, talagang napakahirap po niyan. Ngayon nga po ay nasira na ang institusyon kasi iyong institusyon mismo ang sumusuka sa kaniya, tapos pagbibintangan niya ang Presidente. Ano ba ang kontrol ng Presidente doon lahat ng kasama niya, without an exception, eh inaano siya, pina-force indefinite leave. That's the ultimate punishment that they can impose on one of their colleagues kasi wala naman silang kapangyarihan na sipain siya dahil impeachable officer siya.

Talagang may dagok ang institusyon kung hindi siya matatanggal. Paano siya tatawaging You Honor sa mga en banc session ng Supreme Court ng mga partido? Paano siya tatratuhin ng sarili niyang mga kasama? Hindi na talaga pero nasa kaniya iyong desisyon na iyon.

**Q:** Pero may nagsasabi na ang pagsira sa institusyon na Supreme Court ay nag-umpisa doon sa, shall we say, hastily done or, some would say, improperly done impeachment of CJ Corona.

**SEC. ROQUE:** Well, I don't think so naman. Dahil si Corona naman ay humarap sa proseso, tinanggap ang husga. So I don't think it weakened the institution.

Pero itong pangyayari pong ito … kasi si Corona parang iyong buong institusyon, nanindigan sa likod ni Chief Justice. Ito, walang nanindigan sa likod ni Chief Justice. So parang kaiba ito.

**Q:** But as a result of that impeachment, na-appoint si Sereno which I think … parang feeling ko lang, at that time 'no kasi hindi naman ako member ng bar, but iyong pagkaka-appoint kay Sereno ay may halong, shall we say, nag-umpisa ang discontent kasi na-short cut ang proseso.

**SEC. ROQUE:** Kasi nga, ang nangyari diyan, kaya naman talaga nagkaroon ng discontent diyan kasi unang-una, wala talaga siyang trial experience. Wala talaga siyang respect of her peers, kasi kasama ko naman sa UP iyan pero, you know what I'm saying. Napakabata, kaklase pa siya ng Presidente 'no so … Ikaw naman kasi, kung ikaw ay isang taong talagang ginagalang ng iyong mga peers, walang problema eh. Walang problema doon. Natalaga siya na hindi masyadong narerespeto ng kaniyang mga kasama, tapos tinalaga siya, alam ng lahat na may papel siyang ginampanan doon sa pag-aalis nung isa.

So parang nakita nila na karirista ito, na talagang sinulong iyong kaniyang pampersonal na interes siguro 'no. Pero ang sa akin naman, officially pa rin, bahala ang Kongreso diyan at konsensiya niya dapat ang magsabi kung ano ang dapat niyang gawin. Sinasabi ko lang kung ano ang obvious sa karamihan; ang tanong mo naman ay kasaysayan.

**Q:** Sir, ano ang opinyon ninyo, sir, sa sinabi ni former President Aquino kahapon na regarding doon sa Dengvaxia isyu, lahat ng ito ay pure harassment?

**SEC. ROQUE:** Well, wala pong nangha-harass sa kaniya, kasi ang posisyon ng Presidente ay hayaan matapos ang imbestigasyon. Pero mabuti rin na humarap siya dahil kung hindi naman siya magsasalita, hindi malalaman ng mga nag-iimbestiga kung ano talaga ang dapat niyang pananagutan.

Pero ngayong natapos na ang Senado at magkakaroon sila ng rekomendasyon at umuusad din ang imbestigasyon ng NBI, nagsalita na si Presidente noong isang gabi lamang 'no, aantayin niya ang resulta at kung anuman ang resulta, ipapatupad niya ang batas.

Kung siya ay hinarass, ni minsan ay hindi nagsalita sa kaniya ang Presidente, laban sa kaniya ang Presidente tungkol sa isyung ito. If at all, sinabi pa nga ni Presidente, I would have probably done the same thing. So sino ang nagha-harass sa kaniya? Not the President. Ang Presidente has always been level-headed. Let the investigation proceeds, and we will act after the investigation.

**Q:** So (unclear) mabagal na ano, ginagawa ng (unclear) regarding doon sa investigation (unclear)

**SEC. ROQUE:** Hindi naman siguro mabagal iyon. Kasi pati ang Senad0n naman ay nag-iimbestiga rin, ngayon lang din natapos. So may oras lang talaga, at hindi naman umabot ng isang taon iyan; buwan lang naman ang inabot iyan. Wala pa ngang tatlo, apat na buwan. Pumutok naman iyan Disyembre, if I'm not mistaken, 'di ba. Marso lang ngayon, tatlong buwan pa lang ang nagugol sa imbestigasyon.

**Q:** Spox, last question na for me, ewan ko sa iba. Alam ko pupunta pa kayo ng Araw ng Dabaw. Babalikan ko lang iyong unang tanong ko kanina. Noong pagpasok ninyo dito sa trabahong ito, marami sa mga DDS supporters, kabilang kami doon – sina TP, si RJ Nieto, sina Sass – medyo, sabi ko nga, hindi nagustuhan iyong pasok ninyo. May sama ng loob ba kayo sa mga bumatikos sa inyo?

**SEC. ROQUE:** Wala po. Naiintindihan ko iyon, hindi tayo magkakakilala eh. Hindi ninyo alam kung saan ako nanggaling. Hindi ninyo alam kung ano ang paninindigan ko. Hindi ninyo alam kung ano ang kakayahan ko. Hindi ninyo alam kung ano ang gagawin ko sa aking katungkulan. Pero after five months, alam ninyo na po.

**Q:** Fair enough.

**Q:** Last question, sir. Sigurado na tayo 2019 sa Senate?

**SEC. ROQUE:** Kung may magbibigay po ng five hundred million, sigurado.

**Q:** Sabi ng mga taga-DDS, sabi nito, sabi nila, hindi ninyo raw kailangan ng five million basta patuloy ninyo raw susuportahan si Presidente at saka isusuot ninyo raw iyong t-shirt na iyan kasi kamukha ninyo raw si Raul Rocco. Sabi, sabi 'di ba. Maganda daw iyong t-shirt na iyan, pero—actually, malas si Raul Rocco 'no, natalo, namatay 'di ba. Palitan ninyo, palitan ninyo iyong t-shirt.

**SEC. ROQUE:** Ayaw ko noon. Hindi, matingkad siya, parang red siya, I remember.

All right. Maraming salamat po. At saka hanggang sa susunod po nating Facebook Live. Mabuhay kay0 at congratulations, Davao. Happy Davao Day.

###